

**PANANALIKSIK UKOL SA PAMUMUHAY NG ANIM NA PILING PAMILYANG
PILIPINO NA NANINIRAHAN SA TABI NG RILES NG TREN**

Isang Pamanahong-Papel na Iniharap sa Kaguruan ng Departamento ng Filipino,
Kolehiyo ng Narsing, Unibersidad ng Santo Tomas

Bilang Pagtupad sa Isa sa mga Pangangailangan ng
Asignaturang Filipino 2, Pagbasa at Pagsulat
Tungo sa Pananaliksik

ng
I – 9

Marso, 2008

DAHON NG PAGPAPATIBAY

Bilang pagtupad sa isa sa mga pangangailangan ng asignaturang Filipino 2, Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik, ang pamanahong-papel na ito na pinamagatang **Pananaliksik ukol sa Pamumuhay ng Anim na Piling Pamilyang Pilipino na Naninirahan sa Tabi ng Riles ng Tren** ay inihanda at iniharap ng pangkat ng mga mananaliksik mula sa isang grupo ng seksyon I – 9 na binubuo nina:

Paolo Alcantara

Carlo Palce

Elaine Caluag

Robin Carlo Reyes

Marielle Medina

Alyssa Ridao

Denise Nery

Charisse Santos

Maan Obillo

Tinanggap sa ngalan ng Kagawaran ng Filipino, Kolehiyo ng Narsing, Unibersidad ng Santo Tomas, bilang isa sa mga pangangailangan sa asignaturang Filipino 2, Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik.

Gng. Zendel Taruc
Propesor

PASASALAMAT

Buong-puso namin pinasasalamatan ang mga sumusunod na indibidwal at tanggapan dahil sa pamamahagi ng kanilang suporta na naghantong sa matagumpay na pagbuo pamanahong-papel na ito:

- kay Gng. Taruc, ang aming minamahal na guro sa Filipino, sa paggabay sa bawat hakbang sa aming pag-aaral, sa pag-uudyok sa amin na mapaganda at mailathala ang aming papel,
- kay G. Ederic Penaflo Eder, para sa pagbibigay sa amin ng pagkakataong mailathala ang aming pamanahong papel sa kanilang website, ang Tinig.com,
- sa mga awtor, editor, at mananaliksik na aming pinaghanguan ng aming mahahalagang impormasyon sa una at ikalawang kabanata ng pamanahong papel na ito,
- sa aming mga responsente, sa pagbibigay ng panahon sa pagpapainterbyu sa amin, sa makatotohanang pagsagot, at pagpapakita ng kabutihan na lubos na nakatulong sa amin,
- sa aming mga kani-kaniyang pamilya na gumabay at sumuporta sa amin, sa pagpapahintulot sa aming makatapos nitong aming papel at higit sa lahat,
- sa Diyos Amang Makapangyarihan, na kung hindi dahil sa kanya ay hindi kami maliliwanagan at hindi naming magagawa ang tamang mga hakbang upang matapos ang aming pinaghirapang trabaho.

Muli, maraming-maraming salamat po sa inyong lahat.

- Mga Mananaliksik

TALAN NG NILALAMAN

Kabanata I, Ang Suliranin at Kaligiran Nito.....	6
1. Introduksyon.....	6
2. Layunin ng Pag-aaral.....	7
3. Kahalagahan ng Pag-aaral.....	7
4. Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral.....	8
5. Depinisyon ng mga Terminolohiya.....	8
Kabanata II, Mga Kaugnay na Pag-aaral at Literatura.....	10
Kabanata III, Disenyo at Paraan ng Pananaliksik.....	12
1. Disenyo ng Pananaliksik.....	12
2. Mga Respondente.....	12
3. Instrumentong Pampananaliksik.....	12
4. Tritment ng Datos.....	13
Kabanata IV, Presentasyon at Interpretasyon ng mga Datos.....	19
Kabanata V, Lagom, Kongklusyon at Rekomendasyon.....	22
1. Lagom.....	22
2. Kongklusyon.....	22
3. Rekomendasyon.....	23
Listahan ng mga Sanggunian.....	24

Apendiks.....25

A. Liham Pakikiusap Kay G. Ederic Penaflor Eder.....25

B. Kasagutan ni Ginoong Ederic Penaflor Eder, Editor ng Tinig.com...27

C. Transkripsyon ng Interbyu.....28

KABANATA I

ANG SULIRANIN AT KALIGIRAN NITO

1. Introduksyon

Isang realidad na sa bansang Pilipinas ang makakita ng kahirapan. Hindi ito maipagkakaila dahil halos kahit saan ka tumingin ay may matatanaw ang iyong mata ng taong mahirap. Ang iba naman ang tingin sa kanilang sarili ay mahirap. Maraming dahilan kung bakit mayroong kahirapan sa Pilipinas. Ang ilan sa mga kadahilanan nito ay malawakang korupsiyon, kakulangan ng trabaho, malaking pamilya, kakulangan sa pinagaralan at katamaran. Kung mayroong kadahilanan, tiyak na mayroong epekto ito. Ilan sa mga epekto nito ay ang gutom, pagkakasakit, mataas na bilang ng karahasan, kakulangan ng pormal na edukasyon at isang pangit na larawan ng bansang may malaking agwat ang mayayaman at mahihirap.

Kung titingnan mabuti maraming mahihirap na nakatira malapit sa riles ng tren. Pagtutuunan ng pansin ng papel na ito ang mga mahihirap na nakatira sa riles ng tren sa Dapitan, Sampaloc, Maynila. Isang kalunos – lunos na kalagayan ang mayroon ang mga taong namumuhay malapit sa riles. Ang kanilang mga salaysay ay ang magiging salamin sa masaklap na katotohanan ng buhay mahirap.

Hindi basta – basta ang buhay mahirap lalo na malapit sa riles. May mga iba't – ibang kadahilanan kung bakit napunta o napili nila ang ganoong buhay. Hindi maiaalis ang mga mapapait na napagdadaanan. Ngunit sa isang banda may mga makukulay ding kwento at karanasan ang mahihinuha. Bawat isang pamilya mayroon ding mga pangarap, ang iba nga lang ay nananatiling pangarap na lamang tulad ng mga pamilyang nasa “Home Along Da Riles”

Layunin ng Pag-aaral

Ang pamanahong-papel na ito ay nagbibigay ng impormasyon hinggil sa kalagayan ng mga taong nakatira sa tabi ng riles at naglalayong matugunan ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang kalagayan ng kahirapan sa tabi ng riles?
2. Ano ang pamumuhay ng mga tao sa tabi ng riles?
3. Ano ang mga suliranin ng mga tao sa tabi ng riles?
4. Sapat ba ang tulong na binibigay ng pamahalaan sa mga taong nakatira sa tabi ng riles?
5. Anu-ano pa ang pwedeng gawing hakbang ng gobyerno ukol sa mga suliraning ito?

2. Kahalagahan ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay mahalaga gawa ng iba't ibang dahilan.

Una, nasasalamín sa pag-aaral na ito ang totoong kalagayan ng mga pamilyang naninirahan sa tabi ng riles ng tren, ang kanilang pamumuhay at ang mga problemang kanilang hinaharap na maaaring magmulat ng mata ng taumbayan ukol dito.

Ikalawa, makakatulong ito ng marami dahil sa pamamagitan nito aymaipapaabot ng mga respondent ang kanilang mga saloobin sa gobyerno, sa mga pribadong organisasyon at maging sa mga ordinaryong tao. At para na rin magkaroon ng ebalwasyon ang mga nabanggit na institusyon ukol sa pagtupad sa kanilang mga obligasyon sa taumbayan, kung kuntento ang mga tao sa kanilang performance o kung may mga pagkukulang man sila para mapabuti ang kanilang

Ikatlo, maaari ring magsilbing bago at karagdagang impormasyon ito sa iba pang mananaliksik na naghahanap ng mga datos para sa kanilang pag-aaral.

3. Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng sitwasyon, damdamin at pananaw ng mga naninirahan sa tabi ng riles ng tren. Saklaw nito ang anim na piling pamilyang na kasalukuyang naninirahan sa tabi ng riles sa Dapitan, Manila.

Nalimitahan ang pag-aaral na ito sa mga pamilya na naninirahan sa tabi ng riles ng tren sa Dapitan sapagkat sila na ang pinakamalapit na respondenteng makakatugon sa pangangailangan ng pananaliksik. Naniniwala ang mga mananaliksik na sa kasalukuyang panahon ang pinakamainam magkaroon ng ganitong pag-aaral upang matugunan ang lumalawak na isyu ukol sa kahirapan ng bansa hindi lamang para sa mga respondente, kundi maging sa lahat ng mamamayan.

4. Depenisyon ng mga Terminolohiya

Upang maging mas madali at ganap ang pagkakaintindi ng mga mambabasa, minarapat naming bigyan ng depinisyon ang mga sumusunod na terminolohiya batay sa kung paano ginamit ang bawat isa sa pamanahong papel na ito:

- **Demolisyon** – isang hakbang ng gobyerno o ng lokal na pamahalaan upang mapaalis ng sapilitan ang mga iskwaters o mga taong naninirahan ng ilegal sa lupang hindi kanila.
- **Kahirapan** – kawalan ng sapat na pangangailangan tulad ng bahay, damit, at pagkain upang mabuhayng normal

- **IBON Foundation** – isang institusyong tumutulong sa pag-aanalisa at pagpapalaganap ng mga sosyo-ekonomikong isyu tungkol sa bansa.
- **NGO** - (Non-Governmental Organization) – mga organisasyong binubuo ng mga boluntaryong may iisang mithiin. Maaari silang maging daan upang mabuksan ang mga isip ng mamamayan ukol sa mga isyung panlipunan tulad ng kalusugan, kapaligiran o karapatang-pantao.
- **Poverty line** – tinagurian ding *poverty threshold* na tumutukoy sa pinakamababang sahod na maaari pa ring makatugon sa mga pangangailangan ng isang tao upang siya ay makapamuhay ng normal.
- **Pulse Asia** – isang organisasyong tumutulong magsagawa ng mga sarbey ukol sa opinyon ng bayan sa mga sosyo-ekonomiko, political, at cultural na isyu ng bansa.

KABANATA II

MGA KAUGNAY NA PAG-AARAL AT LITERATURA

I. Estado ng Pilipinas hinggil sa Kahirapan kumpara sa ibang bansa

Ang Pilipinas, kung ikukumpara sa ibang bansa sa Asya, ay masasabing may sapat na mga likas na yaman na maaring ipangtustos sa bawat 500 na pamilya. Ngunit kung susuriin ang kalagayan ng mga Pilipino ngayon, ito ay impossible. Ayon sa isang pag-aaral, makupad ang pag-asenso ng Pilipinas kung ikukumpara sa mga nasabing “*Third World*” na bansa tulad ng Thailand, Vietnam, Indonesia at Laos. Mula 1997-2004, tinatayang 2.4% lamang ang ibinaba ng taunang reyt hinggil sa kahirapan sa Pilipinas, kumpara sa Thailand at Vietnam na umaabot hanggang 10% pagbaba ang naitala. Nabigyang-pansin din dito ang lumalaking agwat ng mga mayayaman sa mga mahihirap. Sa katunayan, sa 8 mahihirap na bansa sa Asya na napag-aralan, ang Pilipinas ang nangunguna.

II. Indikasyon ng Kahirapan sa Pilipinas

Ayon sa pag-aaral ng IBON Foundation, sa 80 milyong bilang ng mga Pilipino, 88% nito o 70.4 milyon ang bilang ng mga lumalagpas na sa tinatawag na “*poverty line*”. Indikasyon ito na kakarampot lamang ang namamayagpag at nakikinabang sa mga yaman ng bansa.

Ang bilang sa mga mamamayang nabibilang sa “middle class” ay halos bumababa na rin. Ang mga kabilang sa “middle class” ay iyong mga may sariling bahay at lote, kumpleto halos sa *appliances* at umaabot ang kita sa halos 2 milyong piso kada taon. Naitala noong 1997, 23% na Pilipino ang napapabilang sa kategoryang ito. Sa pagdaan ng panahon, 3 sa bawat 100 na pamilya ang nahuhulog sa pagiging mahirap.

Ang pagtaas ng utang ng bansa sa paglipas ng panahon ay isa ring balakid sa pag-asenso ng bansa. Habang ito ay tumataas, dumadami rin ang binabayaran na buwis ng bawat Pilipino. Malaking bawas ito sa sahod buwan-

buwan na sapat sana sa lahat ng gastusin ng isang pamilya. Liban pa dito, walang napatutunguhan ang ilang mga proyektong pinaggastusan ng lubos. Ang ilan sa mga proyektong ito ay nagnanais magtayo ng mga imprakstraktura, mga bagong kalsada, tulay, modernisasyon ng mga daungan, paliparan at tren.

III. Kahirapan sa Lungsod ng Maynila

Kapag nababanggit ang salitang kahirapan ay mga iskwater na agad ang naiisip natin. Sila ay mga karaniwang galing sa mga karatig na lalawigan. Karaniwang dahilan ng paglipat nila sa lungsod ay ang paghahanap ng disentang trabaho upang maitaguyod ang pamilya. Nabanggit sa artikulo ni Jose del Rosario III, “Ang Karanasang Pinagtagpi-tagpi sa Riles”, na nagsimula ang pagkakaroon ng mga iskwaters noong panahon ng paglago at paglawak ng pabrika at produksyon nangyari bandang 1800s. Dahil walang matitirahan, sila ay namalagi muna sa ilalim ng tulay, sa tabi ng riles ng tren, bakanteng lote at sa mga eskinita kung saan gumawa sila ng mga mumunting pinagtagpi-tagping bahay. At sa kakarampot na sahod na natatanggap ng ilan, nagpatuloy ang pagtira ng mga tao sa mga nasabing mga lugar. Marami ang naghahangad ng permanenteng trabaho ngunit masyadong mataas ang ika nga standards na hinahanap ng mga kumpanya sa kanilang manggagawa.

Ang pagdami ng populasyon sa lungsod ay nakakaapekto rin sa sentro ng kalakalan ng bansa. Lalo na’t karamihan sa mga mamamayan dito ay walang sapat na trabaho at puhunan. Ngunit nakasaad sa artikulo ni Alexander Martin Remollino na may pamagat na “Populasyon at Pagbabahagian”, ang kahirapan ay sanhi ng di pantay-pantay na pagbabahagian ng mga yaman ng bansa. Sinasabi rito na ang kailangan lang ng karamihan ay yaong kabuhayan at kasiguraduhan sa ang paninirahan na dapat ay tinitiyak ng pamahalaan.

KABANATA III

DISENYO AT PARAAN NG PANANALIKSIK

1. Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay isinagwa ayon sa disenyo ng pamaraang deskriptib-analitik na pananaliksik. Tinangkang ilarawan at suriin sa pag-aaral na ito ang damdamin, pananaw at kalagayan sa kahirapan sa riles ng tren ng mga respondente.

2. Mga Respondente

Ang mga piniling respondente sa pag-aaral na ito ay ang mga pamilyang naninirahan sa tabi ng riles ng tren. Pumili ng anim na pamilya ang mga mananaliksik mula sa daang-daang pamilyang naninirahan roon upang sa kanila isagawa ang pag-aaral. Pinili ng mga mananaliksik ang mga respondente sapagkat sila ang pinakamdaling lapitan at sila ang pinaka-epektibong mapagkukunan ng impormasyon.

3. Instrumentong Pampananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng pakikipanayam o pag-iinterbyu sa mga respondente. Ang mga mananaliksik ay naghandang isang gabay na mga tanong na naglalayong makapangalap ng datos upang masuri ang kasalukuyang sitwasyon, pananaw at kalagayan sa kahirapan ng pamumuhay sa riles ng tren ng mga respondente.

Nagsagawa rin ng pangangalap ng mga impormasyon ang mga mananaliksik sa iba't ibang mga hanguan sa aklatan katulad ng mga tisis,

proposals, mga artikulo sa dyaryo, at *journals* tungkol sa kahirapan. Kumuha rin ang mananaliksik ng ilang impormasyon sa internet.

Bukod sa mga nabanggit na, nangalap ang mga mananaliksik ng mga statistics sa mga NGO tulad ng Pulse Asia, SWS, at iba pa.

4. Tritment ng Datos

Ang pamanahong-papel na ito ay isang panimulang pag-aaral kaya't walang ginawang pagtatangka ang mga mananaliksik upang masuri ang mga datos sa pag-aaral na ito sa pamamagitan ng matataas at kompleks na istatikal na pamamaraan. Kalagayan o damdamin lamang ng mga respondenteng tumugon sa bawat katanungan sa panayam ng mga mananaliksik. Samakatwid, ang pag-aalam o paglalarawan lamang ang kinailangan ng mga mananaliksik. Dahil anim (6) ang mga respondente, naging madali para sa mga mananaliksik ang pagkuha ng datos ukol sa sitwasyon, damdamin at kalagayan ng mga respondente sa kahirapan sa riles ng tren.

Interviewee 1: Ate Jinggay Ignacio

Ang aming unang nakapanayam ay ang pamilyang Ignacio na naninirahan sa 1357 Antipolo St. Corner Maria Clara Sampaloc, Maynila. Ang ilaw ng tirahan na si Ate Jinggay Ignacio an gaming kinausap. Siya ay nasa edad 40 na at may iisang anak na nagtratrabaho bilang crew sa McDonalds at may sideline job sa comedy bar na punchline. Nagmula pa si Ate Jinggay sa probinsya ng Bulacan. Nung 1972 nang una siyang manirahan sa may tabi ng riles ng tren. Sa gulang na 22, siya ay nakapangasawa na at nakapanganak na kung kaya't dito na siya permanenteng nanirahan. Nang taong 1982 nagkaroon ng trabaho bilang

magmamasahi si Ate Jinggay at ang asawa naman na si Mang Roger ay isang latero na ang sinisweldo lamang ay 350 sa araw araw.

Nang maitanong namin kung bakit siya'y lumipat dito ay ito ang kanyang kasagutan *“Mahirap ang buhay sa bulacan. Nagbebenta lamang ang aking pamilya ng prutas sa daan. Nung isang gabi ay ipinabantay sa nakababata kong kapatid na lalaki ang pwesto. May rumaragasang sasakyan at sa kasamaang palad ay tumagilid at nahampas ang aming pwesto. Kasama ang aking kapatid sa nasawi sa aksidenteng iyon. Ang perang pinampuhunan namin sa mga prutas ay siya nalang naming natitirang pera at wala pa kaming naitabi para sa panlibing sa aking kapatid. Kung kaya't simula nuon nagpasya ako na pumuntang Maynila at makipagsapalaran upang makaipon ng pera para sa aking pamilya. Di kinalaunan dito ako sa riles napadpad. Nung una ako manirahan dio siyempre hindi ako sanay, pero ano nga ba magagawa ko e wala naman na akong pera. Una kong nakuhang trabaho eh ung pagmamasahi, maayos naman ngunit kaunti lamang ang kita. Doon ko nakilala ang asawa ko (Mang Roger), yung maliit na lugar ko non sa may riles medyo pinalaki namin tapos dun na kami tumira at nagkaanak. Nung wala pa kaming anak ay siyempre maluwang pa kaso nung paglaon, tatlo na kami kaya masikip na, pero ayos lang yon.”*

Naitanong rin namin kung ano ang pinakamemorable na pangyayari para sakanya sa riles ng tren. At ikwinento niya ang storya ng mga sugat niya sa kamay. *“Nang minsa'y nagluluto ako biglang tumakbo palabas si Reynald (ang kanyang anak), e parating ang tren nuon kung kaya't hinabol ko siya. Naiwan ko ang aking niluluto at nakabukas ang kalan. Pagkabalik namin sa aming bahay ay nasusunog na ito. Sinugod ko ang aming nasusunog na tirahan upang makapagsalba ng mga gamit ngunit biglang sumabog ang lpg. Ayon kasama ako na nasabugan. Nung una ay sinubukan naming sa may Ospital ng UST ngunit hindi kami tinanggap. Lumapit kami sa may barangay, may tumulong naman ngunit napakatagal nitong dumating. Naaalala ko pa parang onti onti akong nawawalan ng hininga sa sobrang sakit ng mga sunog ko. Pagkatapos kong gumaling bumalik kami sa may tirahan naming galit ang karamihan ng aking*

kapit-bahay ko nun pagkat nadamay ang dulong bahagi ng kanilang bahay sa sunog. Siyempre masikip kasi dito kaya magkakapader pader ang aming mga bahay.”

Sa ngayon ay walang raw matinong tulong na naibibigay ang gobyerno sakanila. Meron mga housing projects ngunit na matatagpuan sa Marilao at Cavite, ngunit mas mainam paraw ang tirahan nila dito sa riles. Sa Marilao ay marami naman raw trabaho tulad ng pabrika ngunit masyado naraw madami nairelocate duon. Sa Cavite, walang na raw trabaho ay wala pang ospital. Kung itutuloy man dawn g gobyerno ang demolisyon ay ayos lamang. Hiling lang niya ay bigyan sila ng gobyerno ng kabuhayan at trabaho.

Interviewee 2 : Reynaldo Magdalita

Ang aming ikalawang nakapanayam ay ang pamilyang Magdalita na naninirahan sa 1310, Alciras St. Sampaloc, Maynila. Ang ama ng tahahan na si Kuya Reynaldo Magdalita at siya ang aming kinausap. Siya ay nasa edad 42 na at may limang anak na sina Raymond, gulang 21 na nakatapos sa Cavite College at may sarili ng pamilya, Ryan gulang 19 na nagaaral sa may Sampaloc, Maribel gulang 18, Angelica gulang 12, at ang bunso si Raymart gulang 3. Nagmula pa ang pamilya ni Kuya Reynaldo sa probinsya ng Marinduque. Naakit daw ng mga kwentong syudad ang kanyang ama kung kaya't lumuwas silang buong pamilya sa Maynila. Sa riles na siya lumaki at nang nagbinata ay dito narin sila nagkakilala ni Ate Marites ang kanyang asawa. Second year hayskul sa Ramon Magsaysay lamang ay kanyang natapos pagkat maaga siya nag-asawa. Sa kadahilanang din ito kung kaya't ang trabaho lang na kanyang nakuha ay isang utility man sa City College of Manila. Ang pasok niya ay twuing lunes at biyernes simula alas tres ng umaga hanggang alas sais ng gabi. Siyam na taon na raw siyang nagtrabaho dito at kontento na siya pagkat wala naman raw

siyang magagawa. Sa ganitong trabaho ay 5,082 lamang ang kinikita niya buwan buwan at ipinangkakasya nalang daw niya ito sa lahat ng gastusin.

Naitanong rin namin kung ano ang pinakamemorable na pangyayari para sakanya sa riles ng tren at ito ang kanyang naging kasagutan, *“Nang minsa’y pauwi nako saka’y ng jeep galing trabaho nang may nakawan na nangyari. Nagkataon na magkasabay kami ng magnanakaw nang tumatakbo patungo sa may riles ng tren kung san rin siya nakatira at ako nagmamadali pauwi pagkat birthday ng anak ko (Angelica). Hindi ata nakilala ng mga tanod ang kanyang mukha at tanging alam lang ay nakatira siya rito. Kung kaya’t nuong gabing iyon ako ang dinampot ng mga tanod. Hindi nako nakapalag. Nakaabot ako ng tadyak at suntok sa kasalanang hindi ko ginawa. Ang masama pa doon ay inakala nila na ang pera na dala ko sa aking bag ay perang ninakaw ko. Kinuha nila ang perang kahihiram ko sa pamunuan ng eskwela na gagamitin para sa birthday ng anak ko at pambayad sa mga inutangan ko. Sobrang kamalasan ang araw na iyon sakin. Wala na akong naibigay na regalo o kahit kakainin na masarap sa aking anak, nakatanggap pa ako ng sakit sa katawan at higit pa doon ay hindi ko alam kung saan ako kukuha ng pera pambayad utang. Naisipan ko nga na magpakamatay nalang noon, buti na lamang ay nariyan ang mga anak ko na hindi ako iniwan at tinulungan ako maghanap ng pera. Tumigil na sa pag-aaral noon si Angelica at Maribel para makabawas sa bayarin. Hanggang ngayon ay mayroon parin akong utang na binabayaran pagkat ang aking inutangan ay napakataas magbigay ng interest”*

Ang housing project raw sa Cavite na ibinigay ng gobyerno ay walang tulong na naibibigay, pabigat paraw ito pagkat hindi disente ang bahay. Butas butas ang mga yero at halos malapit na magiba ang mga semento. Hindi daw totoo ang sinasabi ng gobyerno na binibigyan sila ng pocket money na 5000. 1000 lamang daw ang ibinibigay at sila pa raw ang bahala magayos ng bahay nila sa Cavite. Ang kanilang mga kapitbahay sa Cavite ay hindi maganda ang pag-uugali. Babalik at babalik parin daw ang kanilang pamilya sa Maynila kahit sila’y bigyan ng malilipatan at kahit paulit ulit idemolish ang kanilang tirahan. At

kahit sa hinaharap maging sampu o bente pang taon ay pipiliin parin nila ang Maynila. Ang natatanging hiling raw niya sa magulo at di-nagkakaisang gobyerno ay taasan ang sahod at magbigay ng maraming trabaho.

Interviewee 5: Aileen Corona

Ang ikalima sa aming mga nakapanayam ay ang pamilya Corona. Ang ina ng tahanan na si Aileen Corona ang aming nakausap. Siya ay 23 taong gulang sa kasaukuyan at may 2 siyang anak na pawang mga bata pa lamang at hindi pa nagsisipag- aral. Ang kanyang asawa ay nagtatrabaho bilang drayber ng dyip ngunit umeektra lamang ito. Tuwing Biyernes, Sabado at Linggo lamang ang biyahe nito at kumikita ito ng 85 piso sa isang araw. Dating nagtatrabaho sa isang pabrika ng tela ang asawa ni Ate Aileen ngunit napilitan itong iwan ang dating trabaho dahil sa isang eskandalong kinasangkutan nito. 2nd yr. high school lamang sa Esteban Abada High School ang natapos na edukasyon ni Ate Aileen at sa kasalukuyan ay wala siyang trabaho. Nabanggit din niya sa amin na nalalapit na raw ilang ilipat sa Cavite ngunit anya, mas gugustuhin niyang sa riles tumira kaysa sa Cavite. Ayon sa kanya, “ *Oo, sarili nga namin bahay dun sa Cavite. Pero lalo namang maghihirap ang buhay namin dun. Mahirap maghanap ng trabahong mapapasukan dun. Saka yung biyenan ko, tuwing dinadalaw namin, nagrereklamo dahil nung nilipat daw sila dun, ni wala man lang tumulong sa kanilang ayusin yung bahay. Matigas daw pati yung higaan dahil hindi sila binigyan ng matinong gamit sa bahay. Tapos wala pa silang makain. Kaya mas gusto ko na ditong tumira kesa dun.*”

Naitanong din namin kay Ate Aileen kung ano ang isa sa mga hindi niya malilimutang pangyayari sa buhay niya. Sa parting ito ay medyo nagging emosyonal siya habang nagsasalaysay, “ *Nung sa pabrika pa nagtatrabaho yung asawa ko, masayang masaya kami nun dahil hindi sa wakas may maganda ng pinapasukan ang asawa ko. Bago pa lang siya sa trabaho nun kaya hindi namin akalaing mangyayari yun. Nagkaro’n ng nakawan dun sa pabrika. Malaking parte ng sales daw ang nawala. Nalaman naman nila kung sino ang mga magnanakaw, kaso ang masama, kakilala ng asawa ko yung mga magnanakaw.*”

Ang nangyari, nasabit ang asawa ko dahil dinamay siya nung mga kakilala niyang yun. Wala naming gustong maniwala sa sinasabi ng asawa ko alo na nung nalaman nila na taga- riles siya. Nakulong ang asawa ko nun, isang lingo siya sa loob kasi wala kaming perang pampiyansa. Lalo pa siyang nagtagal dun kasi nagdemanda yung may- ari at ang gusto ibalik namin yung perang nawala. Wala naman kaming pambayad sa abogado. Kung anu- anong pinaok ko nun para makahanap ng pera. Halos hini na kami kumaing mag- iina dahil nga kapos na kapos kami. Gusto ko na ngang sumuko nun. Sabi ng biyenan ko sa akin magdasal daw ako. Awa naman ng Diyos, dininig yung dasal ko. May tumulong sa amin. Nakakuha kami ng libreng abogado, yung sa project ng gobyerno. Medyo matagal- tagal din yung naging pagdinig sa kaso pero nagpapasalamat naman ako dahil napalaya ang asawa ko at nanagot yung mga dapat managot.”

Bago kami nagpaalam ay ito ang mga salita ni Ate Aileen sa amin, “ sa Gitna ng problema, dasal lang talaga ang pinakamagandang solusyon. Hindi ka naman bibigyan ng pagsubok na hindi mo kaya, basta manalig ka lang saka wag ka mawawalan ng pag- asa. ”

KABANATA IV

PRESENTASYON AT INTERPRETASYON NG MGA DATOS

Mga datos at impormasyon sa kalagayan ng mga pamilya sa tabi ng riles ng tren:

Ang unang respondente na aming nakapanayam ay si Jinggay Ignacio. Siya ay nakatira sa 1357 Antipolo St. Corner Maria Clara Sampaloc. Siya ay apatnapung(40) taong gulang na. Nagkaroon siya ng isang anak sa edad na dalampu't dalawa(22). Ang anak niya ay nagtratrabaho sa Mcdonald's bilang crew at minsan suma-sideline sa Punchline. Ang asawa niya ay si Rogero Ignacio, isang latero na kumikita ng P350 sa isang araw.

Sabi niya kung itutuloy ang demolisyon ay ayos lang daw ito. Dahil may nakalaan na raw na mga Housing Projects ang gobyerno para sa kanila. Sila ay nadestino sa Cavite, ngunit dahil sa kakulangan ng mapapasukan na trabaho ay bumalik sila sa tabi ng riles. Ang hiling nila sa gobyerno ay permanenteng kabuhayan.

Ang ikalawang respondente ay si Reynaldo Magdalita. Siya ay nakatira sa 1310, Alciras Sampaloc Maynila. Siya ay apatnapu't dalawang(42) taong gulang na. Mayroon siyang limang anak: Raymond (21) nagsa Cavite College at may sarili nang pamilya at nagtratrabaho sa Sampaloc, Ryan (19), Maribel (18), Angelica (12), at Raymart (3). Siya ay nagtratrabaho bilang isang Utility man sa City College of Manila at kumikita ng P5082 sa isang buwan. Binata pa lamang siya ng nagsimulang manirahan sa tabi ng riles.

Sabi niya kung itutuloy ang demolisyon ay sa Maynila pa rin daw sila titira. Sila rin ay nadestino sa Cavite, ngunit dahil sa kakulangan ng trabaho ay bumalik siya dito. Ang hiling niya sa gobyerno ay dagdagan ang sweldo para sa mga katulad niyang nagtratrabaho.

Ang ikatlong respondente ay si Maribel Flores. Siya ay nakatira sa 1305 antipolo st. sampaloc Manila. Siya ay tatlung taong gulang na. Siya ay may tatlong anak: Raymond (grade 3), Glenda (grade2), mary rose (kinder). Siya ay nagbebenta ng mangga at binatog. Ang kaniyang asawang si Vergilio Flores ay isang tricycle driver na kumikita ng P100-P300 sa isang araw.

Sila rin ay nadedestino sa Cavite, ngunit dahil sa walang trabaho ay bumalik ulit sila. Hiling naman niya sa gobyerno na hindi n asana pabayaran ang mga bahay na ibinibigay sa kanila.

Ang ika-apat na respondente ay si Rose Ann Flores. Siya ay dalawmapu't limang(25) taong gulang na. Siya ay wala pang anak. Ang hanapbuhay niya ay pagtitinda ng mangga na kumikita ng P6000 sa isang buwan.

Ayon sa kanya ay hindi masyadong tumataas ang ekonomiya ng Pilipinas. Naibibigay naman daw ng gobyerno ang kanilang mga kahilingan. Sa susunod na 10 taon ay hindi niya pa masabi ang mangyayari sa kanyang buhay. Ang kanilang hiling sa gobyerno ay bigyan ng hanapbuhay yung mga walang hanapbuhay.

Ang ika-limang respondente ay si Aileen Corona. Siya ay dalawampu't tatlong(23) taong gulang na. Siya ay walang hanapbuhay. Ang kaniyang asawa ay nagtatrabaho bilang drayber ng dyip at kumikita ng 85 piso sa isang araw. 23 taong gulang sa kasalukuyan. Dati itong namasukan sa pabrika ng tela ngunit dahil sa gulong kinasangkutan ay napilitang umalis doon. Mayroon siyang dalawang anak na hindi pa nag-aaaral.

Nalalapit na silang lumipat sa Cavite. Mas gusto nila sa riles kaysa sa Cavite dahil mahirap daw ang buhay sa Cavite. Ayon sa kanya ay lalong naghihirap ang buhay ng mga Pilipino. Wala rin daw aksiyon ang gobyerno laban sa kahirapan. Sa susunod na 10 taon ay hindi niya masabi kung may magbabago sa buhay niya. Ang kaniyang hiling sa gobyerno ay tulungang magkaroon ng magandang hanapbuhay yung mga walang trabaho.

Ang ika-anim na respondente ay si Rowena Paredes. Siya ay labing siyam(19) na taong gulang na. Sa kasalukuyan ay walang hanapbuhay. Ang asawa ay 28 taong gulang at nagtatrabaho bilang bumbero. Magdadalawa na ang kanilang anak.

Nalalapit na rin silang lumipat sa Cavite. Ayon sa kanya ay wala raw nangyayari sa mga proyekto ng gobyerno laban sa kahirapan. Noong si Marcos daw ang presidente ay mas magaan ang buhay. Sa susunod na 10 taon ay hini niya masabi kung may magbabago sa kanilang buhay. Ang kanilang hiling sa gobyerno ay bigyan ng hanapbuhay ang mga walang pinagkakakitaan.

KABANATA V

LAGOM, KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

1. Lagom

Ang pag-aaral na ito ay isang pagtatangkang malaman ang damdamin, pananaw at kaalaman tungkol sa pamumuhay at kahirapan ng anim na pamilyang Pilipino na naninirahan sa tabi ng riles ng tren.

Gamit ang deskriptiv-analitik, ang mga mananaliksik ay naghandang kwesiyoneyr na ginamit nila sa pag-iinterbyu sa anim na pamilyang Pilipino na naninirahan sa tabi ng riles ng tren partikular sa lugar ng Dapitan.

2. Kongklusyon

Batay sa mga nailahad na mga datos, ang mga mananaliksik ay humantong sa mga sumusunod na kongklusyon:

- a. Alam ng mga respondente ang lagay ng kahirapan sa Pilipinas, ang mga problema at mga karampatang solusyon ditto.
- b. Masaya sila at walang pagkabahala sa mga darating na demolisyon sa lugar nila.
- c. Karaniwang may maayos na trabaho ang mga respondente sa pag-aaral na ito.
- d. Sapat naman ang kanilang kinikita sa pang araw-araw na pangangailangan.
- e. Sapat lang ang ginagawa ng gobyerno hinggil sa kahirapan sa lugar nila.

3. Rekomendasyon

Kaugnay sa pag-aaral na naisagawa at sa mga resulta na natamo ay inirerekumenda ng mga mananaliksik ang mga sumusunod:

- para sa mga lokal na opisyal, walang sawa nilang matugunan pa ang pangangailangan ng mga pamilyang naninirahan sa tabi ng riles at ipaigtingin ang kanilang tungkulin sa pamumuno

- para sa gobyerno, bigyang-pansin ang mga hinain at damdamin sa mga pamilyang nasama sa reloasyon at demolisyon at maglaan ng hanapbuhay para sa kanila

- para sa mga organisasyon na tumutulong sa mga mahihirap, ipagpatuloy nila ang kanilang hangarin na magpatupad ng karampatang solusyon sa kahirapan sa bansa

- para sa mga mag-aaaral, mga guro at iba pang mananaliksik, ipagpatuloy ang pagsasagawa ng mga pag-aaaral ukol sa larangan nito para magsilbi itong pang-mulat ng mata sa mga taong hindi napapansin ang kahirapan ng bansa.

LISTAHAN NG MGA SANGGUNIAN

Bernales, R.A., Atienza, G.C., Talegon, V.M., Rovira, S.G. et. al. 2008. Kritikal na pagbasa at lohikal na pagsulat tungo

sa pananaliksik: Batayan at sanayang-aklat sa Filipino 2, antas-tersyarya, alinsunod sa komisyon sa lalong

mataas na edukasyon. Valenzuela city: Mutya Publishing House, Inc.

Del Rosario, J. 2004. Bahay-bahayan: Mga karanasang pinagtagpitagpi sa gilid ng riles.

<http://www.geocities.com/peyspipol/feat9.htm>

Kilusan. 2006. Mega projects ni Gloria, mega demolisyon sa mga maralita.

http://www.kilusan.net/kilusan_net/

[modules.php?name=News&file=article&sid=605&mode=thread&order=0&thold=0](http://www.kilusan.net/modules.php?name=News&file=article&sid=605&mode=thread&order=0&thold=0)

Remolino, A.M. 2004. Populasyon at pagbabahagian.

http://www.tinig.com/v40/v40_kolum_alex.html

APENDIKS A

LIHAM PAKIKIUSAP KAY G. EDERIC PENAFLOR EDER

PEBRERO 25, 2008

From: Marielle Medina <mars_medz@yahoo.com>

Website:

Cellphone No. :

Message: G. Ederic Penaflor Eder,

Magandang araw po! Ako po si Marielle Medina, isang first year student ng UST College of Nursing. Ako po, kasama ng aking mga kagrupa na sina Denise Nery, Marie Angeline Obillo, Carlo Palce, Robin Reyes, Alyssa Ridao, Chariz Santos, Elaine Caluag at Paolo Alcantara ay gumagawa ngayon ng pag-aaral sa aming Filipino course. Ito ay pinamagatang, "Pananaliksik ukol sa Pamumuhay ng Ilang Piling Pamilyang Pilipino sa Tabi ng Riles". Aming pong pag-aaralan ang kalagayan ng paghihirap sa Pilipinas, ang mga pang araw-araw na karanasan at pamumuhay ng aming mga napiling pamilya, kanilang mga hinaing, mga salik na nakakaapekto sa kanilang pamumuhay doon at ang mga aksyon ng pamahalaan ukol dito. Nais po lamang naming malaman kung mayroon po bang posibilidad na inyong maisama sa inyong website na www.tinig.com ang aming pag-aaral? Nais po kasi ng aming guro na mas mabigya-kahulugan ang aming mga pag-aaral kung maipapahayag namin ito ng malawakan. Mas makabubuti raw po sanang mabigyang daan ang iba pang mga pag-aaral ng mga interisado sa isyung tinalakay sa pamamagitan ng pag-akses o pagbasa sa aming pag-aaral.

Napili po namin ang www.tinig.com dahil na rin po sa layunin ninyong mabigyang-halaga ang ika nga'y tinig ng mga kabataan ngayon, manghikayat ng mga kabataan sa "pagsulong ng makabayang kaisipan", maisulong ang pagbasa at pagsulat sa panitikang Filipino. Kung inyo po kaming mabibigyan ng

oportunidad na ito ay makatutulong po kayo sa pagpapalaganap ng katotohanan ukol sa kahirapan ng bansa sa mga kabataang tulad rin po namin. Ito rin po sana ang magbigay-daan sa pagkakaroon namin ng magandang marka sa naturang course kung ito po ay mailalabas sa tamang oras.

Maraming-maraming Salamat po sa inyong oras at pag-unawa.

APENDIKS B

Kasagutan ni Ginoong Ederic Penaflor Eder, Editor ng Tinig.com PEBRERO 27, 2008

Dear Marielle,

Maraming salamat sa inyong interes sa Tinig.com. Ikakagalak naming isama sa ating website ang inyong pag-aaral.

Pakipadala na lamang ito sa e-mail address na ito at amin itong ihahanda para mailathala sa Tinig.com. :)

Ederic

2008/2/25 Marielle Medina <mars_medz@yahoo.com>:

--

Panahon na ngayong dapat na lumitaw ang liwanag ng katotohanan; panahon nang dapat nating ipakilala na tayo'y may sariling pagdaramdam, may puri, may hiya at pagdadamayan. --Andres Bonifacio

<http://ederic.tinig.com> - my blog

www.tinig.com - a youth e-zine

www.luisteodoro.com - writings of UP Prof. Luis Teodoro

www.upalumni.net - a portal for UP alumni

www.ourdailytxt.com - collection of txt messages

APENDIKS C

TRANSKRIPSYON NG INTERBYU KINA ATE JINGGAY IGNACIO, REYNALDO MAGDALITA, MARIBEL FLORES, ROSE ANN FLORES, AILEEN CORONA AT ROWENA PAREDES.

ENERO 26, 2008

MGA INTERBYUWER

Paolo Alcantara

Elaine Jean Caluag

Marielle Angeline Medina

Denise Nery

Marie Angeline Obillo

Carlo Roman Palce

Robin Reyes

Alyssa Ridao

Charisse Izobelle Santos

Unang Respondente: Ate Jinggay Ignacio

DN: Kailan po kayo nagsimulang manirahan dito?

Jl: *Ah! Simula nung nagkaanak ako. Dito na ako nanirahan.*

MM: May anak po ba kayo?

Jl: *Meron. Isa. Ayun oh! Hoy magpakita ka nga. Nagtrabaho yun sa Mcdco at minsan sa Punchline.*

MO: Ano pong hanapbuhay niyo o pinagkakakitaan?

Jl: *Ah ako sa bahay lang. Yung asawa ko, yun, isang latero. Alam mo na yung gumagawa ng nabunggong kotse. Dun yan sa La Salle! Sa tabi ng riles sa may La Salle. HaHaHaHa. Hindi, joke lang yon. Ha Ha Ha!!!*

CP: Sapat naman po yung kinikita niyo?

Jl: *Sapat naman. Teka nga taga-UST ka ba? Parang hindi eh. Parang taga-Ateneo ka ah! Hindi joke lang yun! HAHAAAA!*

DN: Kung matutuloy ang demolisyon saan kayo titira?

Jl: *Naku! Dati pa nagsimula yung demolisyon! Ah sa Cavite kasi kami nadestino eh. Kaso walang trabaho dun! Ayun malapit ka lang sa sementeryo at ospital pero walang trabaho.*

MM: Ano po ang nais niyong iparating sa gobyerno?

Jl: *Ayun, sana magbigay sila ng kabuhayan sa amin.*

Mga Interbyuwer: Maraming Salamat po!

Jl: *Sige balik kayo ha! Sa susunod dalhan niyo ko ng pagkain ha! Di, joke lang! o sige.*

Ikalawang Repondente : Reynaldo Magdalita

MO: Kailan po kayo nagsimulang manirahan dito?

RM: *Ahh nung binata pa ako nandito na ako. Nandito na kami ng kapatid ko. Dito na ako lumaki eh.*

CP: May anak po ba kayo?

RM: *Ah oo. Nasa Cavite nga lang sila. Kaso binibigyan ko sila ng panggastos sa araw-araw.*

DN: Ano pong hanapbuhay niyo o pinagkakakitaan?

RM: *Anu ako, Utility man sa City College of Manila. Nine years na.*

MM: Sapat naman po yung kinikita niyo?

RM: *Kulang kasi kita mo lima yung anak ko yung tatlo dun nag-aaaral. Kaya kung titingnan mo kulang talaga. Kulang na kulang.*

MO: Kung matutuloy ang demolisyon saan kayo titira?

RM: *Sa Manila pa din. Kasi mahirap ang trabaho duon eh.*

CP: Ano po ang nais niyong iparating sa gobyerno?

RM: *Sana taasan pa niya yung sweldo namin kasi kulang eh.*

Mga Interbyuwer: Maraming Salamat po!

RM: *Salamat din.*

Ikatlong respondente: Maribel Flores

MO: Kailan po kayo nagsimulang manirahan dito?

MF: *Nung bata pa lang ako ditto na ako nakatira. Hanggang sa nagkaasawa na ako.*

CP: May anak po ba kayo?

MF: *Oo, tatlo sila lahat nag-aaaral.*

DN: Ano pong hanapbuhay niyo o pinagkakakitaan?

MF: *Nagtitinda ako ng mangga at binatog. Yung asawa ko naman ay tricycle driver.*

MM: Sapat naman po yung kinikita niyo?

MF: *Sapat naman.*

MO: Kung matutuloy ang demolisyon saan kayo titira?

MF: *Sa Cavite na lang, kaso kung may pagkakataon pa, dito na lang.*

CP: Ano po ang nais niyong iparating sa gobyerno?

MF: *Sana huwag na nilang pabayaran yung mga bahay na binibigay nila.*

Mga Interbyuwer: Maraming Salamat po!

MF: *Wlang anuman.*

Ika-apat na respondente: ROSE ANN FLORES

RR: Kailan po kayo nagsimulang manirahan dito?

RF: *Ah bago pa lang ako dito. Mag tatatlong buwan pa lang.*

EJC: May anak po ba kayo?

RF: *Wala.*

AR: Ano pong hanapbuhay niyo o pinagkakakitaan?

RF: *Ako? Wala eh. Pero yung asawa ko nagtitinda ng mangga.*

CS: Sapat naman po yung kinikita niyo?

RF: *Oo! Sapat naman. Eh wala pa naman kaming mga anak eh. Haha.*

PA: Kung matutuloy ang demolisyon saan kayo titira?

RF: *Siguro dito pa rin sa Maynila kasi pangit sa probinsiya eh.*

RR: Ano po ang nais niyong iparating sa gobyerno?

RF: *Bigyan nila ng trabaho yung mga wla pang trabaho tulad ko!*
Mga Interbyuwer: Maraming Salamat po.

Ikalimang Respondente: AILEEN CORONA

EJC: Kailan po kayo nagsimulang manirahan dito?

AC: *Simula pa lang nung bata ako dito na ako nakatira. Dito na ako lumaki.*

AR: May anak po ba kayo?

AC: *Oo. Dalawa.*

CS: Ano pong hanapbuhay niyo o pinagkakakitaan?

AC: *Yung asawa ko dating nagtrabaho sa pabrika kaso dahil sa isang isyu ay napilitan siyang umalis dun. Ngayon, drayber siya ng jeep.*

PA: Sapat naman po yung kinikita niyo?

AC: *Hindi kasi P85 lang ang kinkita niya sa isang araw eh.*

RR: Kung matutuloy ang demolisyon saan kayo titira?

AC: *Sa Cavite na lang. Kaysa naman sa wala.*

EJC: Ano po ang nais niyong iparating sa gobyerno?

AC: *Bigyan nila ng trabaho ang ibang wala pa.*

Mga Interbyuwer: Salamat Po!

Ika-anim na respondente: ROWENA PAREDES

AR: Kailan po kayo nagsimulang manirahan dito?

RP: *Dito na kami lumaki eh.*

CS: May anak po ba kayo?

RP: *Magdadalawa na.*

PA: Ano pong hanapbuhay niyo o pinagkakakitaan?

RP: *Yung asawa ko fire extinguisher. Yung bumbero.*

RR: Sapat naman po yung kinikita niyo?

RP: *Medyo. Ayos lang naman. Buti nga ito may trabaho.*

EJC: Kung matutuloy ang demolisyon saan kayo titira?

RP: *Sa Cavite, dun sa Pabahay ni Gloria.*

CS: Ano po ang nais niyong iparating sa gobyerno?

RP: *Bigyan niya kami ng trabaho!!!!*

